



DIREKTIBA NG OPISYAL NG KALUSUGAN No. 2020-05

**DIREKTIBA NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG
LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO TUNGKOL SA KINAKAILANGANG
PINAKAMAHUSAY NA KASANAYAN PARA SA MGA RESTAURANT AT IBA PANG
MGA PASILIDAD NA NAGHAHANDA AT NAGSISILBI NG PAGKAIN PARA SA
DELIVERY O CARRY OUT**

(DIREKTIBA SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN)

PETSA NG DIREKTIBA: Mayo 8, 2020

Sa pamamagitan ng Direktibang ito, ang Opisyal ng Kalusugan ng Lungsod at County ng San Francisco (ang “Opisyal ng Kalusugan”) ay naglabas ng kautusang partikular sa industriya na ang ilang Esensyal na Negosyo na nagbibigay ng mga kalakal at serbisyong inilarawan sa ibaba ay kailangang sumunod sa lokal na pagtugon sa pandemya ng Sakit na Coronavirus 2019 (“COVID-19”). Ang Direktibang ito ay binubuo ng patnubay na partikular sa industriya tulad ng nakasaad sa ilalim ng Seksyon 6 ng Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan No. C19-07c na inilabas noong Abril 29, 2020 (ang “Kautusang Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay”) at, maliban kung tinukoy sa ibaba, ang mga naunang termino na nakasulat sa malaking titik na ginamit sa Direktibang ito ay may parehong kahulugan na ibinigay sa mga ito sa ganoong pagkakasunud-sunod. Ang Direktibang ito ay ipapatupad kaagad pagka-isyu ngunit nagbibigay ng sapat na panahon ng pagpapatupad sa nangangailangan ng pagsunod pagsapit ng 11:59 n.g. sa Mayo 15, 2020, at ang Direktibang ito ay mananatiling epektibo hanggang sa masuspinde, mapalitan, o sinusugan ng Opisyal ng Kalusugan, bilang karagdang sa inilahad sa ibaba. Ang Direktibang ito ay sinusuportahan ng mga batayan at pangangatwirang nakasaad sa Kautusang Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay. Tulad ng karagdang nakalahad sa ibaba, awtomatiko ring isinasama dito ang anumang pagbabago sa utos na iyon o iba pang mga kautusang sa hinaharap na inisyu ng Opisyal ng Kalusugan na pumapalit sa kautusang iyon o sumasangguni sa Direktibang ito. Layunin ng Direktibang ito na isulong ang mga pinakamahuhusay na kasanayan sa Mga Rekisito ng Social Distancing at kalinisan, na tumutulong na labanan ang pagkalat ng COVID-19 at pinoprotektahan ang mga health worker, mga customer at komunidad.

**SA ILALIM NG KAPANGYARIHAN NG KODIGO NG KALUSUGAN AT
KALIGTASAN SEKSYON 101040, 101085, AT 120175 NG CALIFORNIA ,
IPINAG-UUTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. Ang Direktibang ito ay nalalapat sa lahat ng may-ari, operator, manager, o supervisor ng anumang Esensyal na Negosyo na pinahihintulutan ng Kautusang Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay na magbukas sa publiko sa loob ng Lungsod at County ng San Francisco (ang “Lungsod”) at nagbibigay ng mga serbisyo o nagtatrabaho tulad ng inilarawan sa subseksyon 16.f.xvi ng Kautusang



Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan No. 2020-05

Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay na kung saan ang mga serbisyo ay kinabibilangan ng paghahanda, pagsisilbi, pagbibigay para ma-pick up, o paged-deliver ng inihandang pagkain (“Mga Esensyal na Negosyo sa Paghahanda at Pagde-deliver ng Pagkain”). Upang maging malinaw, kabilang sa mga Esensyal na Negosyo sa Paghahanda at Pagde-deliver ng Pagkain, nang walang limitasyon, ang mga restaurant na naghahanda ng pagkain para sa delivery at takeaway, at gayundin ang mga serbisyo sa pagde-deliver ng pagkain tulad ng mga inaakses ng publiko sa pamamagitan ng telepono, online, app na direktang naghahatid ng mga inihandang pagkain sa mga tahanan at negosyo.

2. Kalakip bilang Exhibit A sa Kautusang ito ay ang listahan ng mga pinakamahuhusay na kasanayan na nalalapat sa mga Esensyal na Negosyo ng Paghahanda at Pagde-deliver ng Pagkain (ang "Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan"). Ang Direktibang ito at ang kalakip na Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan ay maaaring rebisahin ng Opisyal ng Kalusugan, sa pamamagitan ng pagrebisa ng Direktiba o iba pang direktiba o kautusan sa hinaharap, bilang tugon sa mga kundisyong nauugnay sa COVID-19, sa diskresyon ng Opisyal ng Kalusugan. Ang bawat Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain ay kailangang manatiling may alam tungkol sa anumang pagbabago sa Kautusang Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay at as Direktibang ito sa pamamagitan ng regular na pagbisita sa website ng Administrador ng Lungsod (www.sfgsa.org) o website ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (<https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus.asp>).
3. Ang bawat Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain ay kailangang, pagsapit ng 11:59 n.g. sa Mayo 15, 2020, lumikha, pagtibayin, at magpatupad ng isang nakasulat na plano sa kalusugan at kaligtasan (isang "Plano sa Kalusugan at Kaligtasan") na tumutugon sa lahat ng nalalapat na Pinakamahuhusay na Kasanayan na kalakip ng Direktibang ito bilang Exhibit A. Kailangang matugunan ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan ang bawat rekisitong nakalista sa Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan, sa pamamagitan ng paglalarawan sa plano ng pagpapatupad sa rekisito o pagtukoy sa dahilan kung bakit hindi nalalapat ang rekisito. Ang kalakip na Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan ay hindi naglalayong magsilbi bilang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan mismo, tulad ng sa pamamagitan ng pagmamarka ng Esensyal na Negosyo sa mga item na nagawa na o kailangang gawin. Sa halip, ang mga nilalaman ng Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan ay kailangang pagtibayin sa isang nakahiwalay na Plano sa Kalusugan at Kaligtasan. Makakakuha ng isang form ng elektronikong dokumento na maaaring punan para sa layuning ito sa www.sfgsa.org o <https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus.asp>, bilang halimbawa ng isang Plano



Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan No. 2020-05

sa Kalusugan at Kaligtasan. Ngunit maaaring isinulat sa kamay ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan o di kaya'y kinumpleto sa isang format na tumutugon nilalaman ng lahat ng nakalistang rekisito sa Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan.

4. **Depende sa likas na katangian ng Esensyal na Negosyong nasasaklawan ng Direktibang ito, maaaring mayroong partikular na taong konektado sa Esensyal na Negosyo na napapailalim sa Direktibang ito. Sa kabuuan, ang mga taong iyon ay tinutukoy ng Direktibang ito at ng Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan bilang "Tauhan", at ang mga taong ito ay kinabibilangan ng lahat ng sumusunod na nagbibigay ng mga kalakal o serbisyong nauugnay sa Esensyal na Negosyo sa Lungsod: mga empleyado; contractor at sub-contractor (tulad ng mga nagbebenta ng mga kalakal o nagbibigay serbisyo sa lugar o naghahatid ng mga kalakal para sa negosyo); mga independent contractor (tulad ng mga "gig worker" na nagtatrabaho sa pamamagitan ng app ng Esensyal na Negosyo o iba pang online interface); mga vendor na pinahihintulutang magbenta ng mga kalakal sa lugar (tulad ng mga magsasaka o iba pa na nagbebenta sa mga stall sa mga farmers' market); mga volunteer; at iba pang mga indibidwal na regular na nagbibigay ng mga serbisyo sa lugar sa kahilingan ng Esensyal na Negosyo. Inaatasan ng Direktibang ito ang Esensyal na Negosyo na siguraduhin na ang Tauhan na nagtatrabaho nang may kaugnayan sa Esensyal na Negosyo ay natutugunan ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan at sumusunod sa mga rekisitong iyon.**

5. **Ang bawat Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain na napapailalim sa Direktibang ito ay kailangang magbigay ng mga item tulad ng mga Panakip-Mukha (gaya ng tinukoy sa Kautusan sa Kaligtasan No. C19-12 na inilabas noong Abril 17, 2020), hand sanitizer o mga istasyon para sa paghuhugas ng kamay, o pareho, at disinfectant at mga kaugnay na supply sa Tauhan at sa publiko, lahat ayon sa hinihiling ng mga Pinakamahuhusay na Kasanayan (Best Practices). Kung alinman sa naturang Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain ang hindi nakakapagbigay ng mga kinakailangang item o nabigong sumunod sa kinakailangang Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan o nabigong sumunod sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan nito, samakatwid ay kailangang tumigil ito sa operasyon hanggang sa lubos na makatugon at makapagpakita ito ng istriktong pagsunod. Bilang karagdagan, sa anumang operasyong hindi sumusunod, ang alinman sa naturang Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain ay napapailalim sa agad-agad na pagsara at ang mga multa at iba pang mga legal na remedyo na inilarawan sa ibaba, bilang paglabag sa Kautusang Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay.**



Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan No. 2020-05

- 6. Ang bawat Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain ay kinakailangang gumawa ng mga partikular na hakbang sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan na nauugnay sa Tauhan nito, kabilang ang mga partikular na aksyong nakalista sa Seksyon 2.1 hanggang 2.4 ng Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan kung may sakit ang Tauhan. Pinagbabawalan ang bawat Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain na gumawa ng anumang aksyon laban sa sinumang Tauhan dahil sa pananatili niya sa bahay sa mga sitwasyong nakalista sa Seksyon 2.1 hanggang 2.4 ng Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan. Pinagbabawalan ang mga Tauhan ng bawat Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain na pumasok sa trabaho kung sila ay may sakit at kailangang sumunod sa Direktiba, kabilang ang mga alituntunin sa pagbabalik sa trabaho na nakalista sa Seksyon 2.1 hanggang 2.4 ng Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan.**
- 7. Ang bawat Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain ay kailangang (a) magbigay ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan sa sinumang miyembro ng publiko kapag hiniling ito, (b) magbigay ng plano sa lahat ng Tauhan na nagtatrabaho sa site o kung hindi man sa Lungsod na nauugnay sa mga operasyon nito, at (c) magpaskil ng plano sa anumang storefront o sa may entrance ng anumang iba pang pisikal na lokasyon na ang naturang Esensyal na Negosyo ay nagpapatakbo sa loob ng Lungsod.**
- 8. Ang pagpapatupad ng Direktibang ito ay sumusuporta—ngunit hindi limitado—sa mga obligasyon ng bawat Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain sa ilalim ng Kautusang Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay kabilang, ngunit hindi limitado sa, obligasyong maghanda, magpaskil, at magpatupad ng Protokol sa Social Distancing sa ilalim ng Seksyon 6 at subseksyon 16.h ng Kautusang Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay. Kailangang sumunod ang nasasaklawang Esensyal na Negosyo sa Paghahanda o Pagde-deliver ng Pagkain sa Mga Pinakamahuhusay na Kasanayan sa partikular na industriya at i-update ang mga ito kung kinakailangan habang epektibo ang Direktiba, kabilang, nang walang limitasyon, ang nakasulat na pagbabago o extensyon sa Direktibang ito ng Opisyal ng Kalusugan at kasang-ayon ng anumang ekstensiyon ng Kautusang Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay, ang anumang iba pang kautusan na pumapalit sa kautusang iyon, at anumang kautusan ng Opisyal ng Kalusugan na tinutukoy ng Direktibang ito.**

Inisyu ang Direktibang ito alinsunod sa ekstensyon ng mga layunin ng Kautusang Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay. Kung mayroong isang salungatan sa pagitan ng Direktibang ito at anumang kautusan ng estado, lokal, o pederal na kautusan sa pampublikong kalusugan na nauugnay sa pandemya ng COVID-19, kabilang, nang walang limitasyon,



**Lungsod at County ng
San Francisco**

**Kagawaran ng
Pampublikong Kalusugan
Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan**

Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan No. 2020-05

ang Protokol sa Social Distancing, ang mga pinakamahigpit na kontrol sa probisyon. Ang hindi pagpapatupad sa Direktibang ito ay isang paglabag sa Kautusang Manatiling-Ligtas-Sa-Bahay, ay nangangahulugang isang napipintong banta at panganib sa kalusugan ng publiko, nangangahulugang isang panggugulo sa publiko, at isang kalokohang maaaring patawan ng parusang multa, pagkabilanggo, o pareho.

Tomás J. Aragón, MD, DrPH,
Opisyal ng Kalusugan ng
Lungsod at County ng San Francisco

Petsa: Mayo 8, 2020